

Poetry Series

Erick Cortez

- poems -

Publication Date:
2007

Publisher:
Poemhunter.com - The World's Poetry Archive

Erick Cortez(November 11,1982)

Ang Landas Sa Ilalim Ng Araw

Sa malawak na lupain baga'y may tamang landas na marapat nating tahakin? Kung ang tamang landas ay matuwid, bakit dito mo pa mababanaag ang sadyang pagsasanga-sanga ng bawat katuwiran na siyang gugulo sa ating isipan. Tunay ngang sa matuwid na landas natin masusumpungan ang kaligtasan at sa baluktot namang daan tayo malilinlang tungo sa ating kapahamakan.

Isang bata na sa mura niyang isipan ay sadlak na sa kahirapan, madumi, maingay, magulo, ganito nahubog ang musmos na bata, sa ganitong kalagayan ay tiyak na kakainin lahat mong lakas at marahan kang ibabaon hanggang sa ikaw ay malunod at maparam ang bawat karampot mong pag-asa, ganyan kang igugupo sa landas na ang tinatahak ay dilim.

Ang bata ay binulag sa kinamulatang landas, ang kanyang paninindigan at paniniwala ay hubog sa anyo ng kanyang landas na tinatahak at ngayon nga'y mas pinatigas pa ang damdamin upang maging manhid sa katuwiran. Papaano pa ngang mapalalambot ang bata upang hubuging muli sa matuwid na landas, may awa pa bang sasagip sa batang bumangis na at ang murang isipa'y bahid na ng karahasan?

Isang araw, ang batang musmos ay nagising sa tagal niyang pagkakahimbing sa dilim, tumangis dahil sa mga panahong siya'y bulag at manhid sa katuwiran at katotohanan. Ang lahat ng tao ay may kabutihang naitatago sa kaibuturan ng kanyang puso, 'di maitatangging alam natin ang tama at mali, mabuti sa masama. Balutin man ng kadiliman buo nating katawan ay may puwang pa ring liwanag na siyang kukurot sa ating puso't isipan upang tayo'y magbago.

Ang bata nga'y nauhaw sa katotohanan, hinanap nya ang mabuting landas at inasam nyang matagpuan ang kapahinghan at katahimikan ng kanyang puso. Sa mabuting landas ay pag-asa ang bawat mong mayayapakan, marahang tumatarik upang umahon mula sa pagkakabaon, at sa pag-aho'y masilayan ang tinutungong landas. Ngunit bakit ngayo'y sa katotohan ay naguguluhan ka? Sa matuwid bang landas ay may kalikuan?

Marami ang nangagsasabi'y "sa amin kayo sumama at babaybayin natin ang matuwid na landas". Ang isang matuwid na daan baga'y maaaring magsanga sanga? Ang bata'y gulong-gulo kung saang matuwid na landas siya tatahak, alam nya na hindi lahat ng umaakay ay nasa tamang landas, at kung sa kanyang pagpili'y mali, walang ibang naghihintay sakanya'y 'di mabatang kahirapan at paghihinagpis.

Saan nga ba tayo dapat tumahak? Alam nating may matuwid na landas na saatin ay nakalaan, hindi ipinagdadamat, hindi itinatago at sadyang inilaan para saatin. Kaibigan, sadyang huwag kang magulumihan at huwag kang maniwala sa bawat umaakay sa daan ng katotohanan. Ang liwanag ng araw ay sadyang ibinigay saating gabay upang mamalas ang tuwid sa liko, na ating masiyasat ang

bawat landas sa bawat nitong patutunguhan. Gamitin natin ang sinag ng araw at huwag ang buwan o mga bituin na sa kanilang karampot na liwanag ay maraming nakakubli.

Kahit ano pa mang maling tinahak ng bata sa nakaraan ay mayroong liwanag na yayakap sakanya, may tamang landas na muling huhubog sa atin. Ang bata ay nananatiling bata na sakaniyang kamusmusan ay may nakalaang kapatawaran. Hanapin nga natin ang tuwid na landas sa ilalim ng araw, kapag atin itong natagpuan ay lalakad din tayong matuwid, tayo'y lalago at ang bahid ng kamusmusan ay mapaparam at mapupalitan ng karunungan at kaligtasan.

Erick Cortez

Anino Ng Kahapon

At nagising si Haring Araw mula sa nakahihimbing at matinding bangungot. Magulo, malagim at mapanganib, tila ba 'di malaman kung saan sisimulang iahon ang isang mumunting hiyas na nabaon sa putikan na dati'y kumikinang sa karagatan ng silangan. Isang hiyas na sa kanyang kinang ay naakit ang mga dayuhan dahilan upang ito'y tangkain nakawin at kanilang angkinin, mapalalo.... Mapagkunwari.....

■insan pa'y may isang ibong pipit na nangarap maging isang agila, ngunit ang agilang kanyang tinitingala na sa kabilang malakas at matikas na katawan, makisig na pakpak, nasa likod ng matatalim na kukong pandagit nito ang mapagsamantala at nakalilinlang na kamandag, animo'y ahas na mapanukso.

■indi naglaon ay ginawang alipin ang mumunting pipit sampu ng kanyang mga kasamahan, wala nang magawa pa ang mga ito kundi ang magpatangay sa bawat pagpag ng mga bagwis nito. Pansamantalang humayo ang agila ngunit naiwan pa rin ang bangis ng kanyang kamandag, nasusukluban pa rin ng anino ng agila ang mga mumunting pipit.

■sumapit ang gabi ngunit ang mga ibong pipit ay 'di pa rin magawang magpahinga, hindi pa rin matahimik dahil sa mga mapagsamantalang nilalang na naggugulo sa katahimikan ng gabi. Nakabantay ang lorong matabil at may ngusong makamandag.... Ibig maghasik kasabay ng mga ahas at buwayang handang sumupil, silang lahat ay manggugulo at kakain ng buhay na nilalang, nagbabanta sa tahimik ngunit mapanganib na gabi.

■umpas ang mga araw, ang mga munting pipit ay nanatili sa gitna ng kagubatan, doo'y nakaramdam ng pansamantalang katahimikan. Ngunit sumapit ang tag-init, nang matuyo ang ilog na siyang nagbibigay buhay sa nabanggit na kagubatan. Tag-gutom.... Walang makain, ngunit dumating ang agila upang magbigay tulong sa mga mumunting ibon. Binigyan nya ng uod na makakain ang mga ibon ngunit ito'y naging linta, lintang maninisip ng dugo.... Dugong nagbibigay lakas sa mga mumunting pipit. Ganyan kalupit kung gaano siya igupo ng makapangyarihang lakas.

Gayun nga'y nakaipon ng sapat na lakas ang mga ibon, ngunit isa sa mga ibong pipit ay nagbago ng anyo, ito ay naging isang uwak, gahaman, mabangis at may nakamamatay na kamandag wari ba'y isang halimaw sa sariling lahi, kasabay nito ang pagbabagong anyo ng iba pang mga pipit, sila'y naging anino ng pagkagahaman, sunod-sunuran sa bawat iwika ng tampalasang uwak mga

hunyango! ! Datapwat 'di naglaon ay sinupil siya ng Batas ng Pagkakaisa, magpasahanggang ngayon ay narito pa rin ang kanyang lakas, makamandag ngunit mapanghamong 'di dapat pagupo.

Ang mga pipit ay bumuo ng mga hakbang ng Makabagong Panahon upang iahon at pakinangin muli ang munting hiyas. Tulad niya'y marami na ring nagtangkang magpakatatag at lumaban subalit sila'y 'di nagtagumpay sapagkat marami ang mga hunyangong mapagsamantala, nanatiling hungkag at sunud-sunuran. Ang agila ay may lihim na mata sa gabi at kapag siya ay humuni sa pagbadya ng kanyang pagdating ay nakapangingilabot. Muling sumapit ang dilim.... Muli, ang mga mababangis na nilalang ay muling naghahanda upang maghasik ng lagim sa kahabaan n gabi.

Sana, mapag-aralan ng pipit ang kaniyang kahapon.... Ang kanyang bigat at mga pagdurusa, ang nakaraang balot ng pighati upang maging matalino't matatag sapagkat marami pang mga ahas, buwaya, uwak, hunyango at mababangis na nilalang sa kagubatan, manlilinlang, manggugulo at maghahasik ng kasamaan upang malagay tayong lahat sa panganib o dili kaya'y sa kawalan ng sinumang nilalang. O anino ng kahapon nasaan ka upang tulungan at labanan ang kasalukuyan?

Erick Cortez

Bakit Hindi?

Minsan sa aking mapaglarong isipan ay may mga tanong, ideya at minsan pa nga'y mga bagay na imposibleng mangyari. Ano kaya kung ganito? Paano kaya kung ganyan? Bakit hindi? Mga bagay na lilikot sa sulok ng iyong ulirat at susubukin ang lalim ng ating mapaglarong isipan.

Sa aking pag-iisa, minsan ay dumapo sa aking isipan ang isang tanong na tila mahirap mangyari, pero sa tingin ko naman ay gugustuhin ng karamihan. Ano kaya kung mabibigyan tayo ng pagkakataong isilang na mag-uli? Sa ilang ispirituwal na paniniwala ay posible, sa ilan ay maaaring reinkarnasyon at sa ilan naman ay hindi pupuwde.

Kung mamarapatin at tutal ito ay isang ideya ko lang naman, nais ko na isilang na mag-uli, marahil ang dahilan sa iba'y para maituwid o maiwasan ang mga sitwasyon o mga nangyaring pagkakamali, sa iba nama'y para maranasan uli ang sarap ng buhay at makasama ang mga pinakamamahal, siguro naman sa iba'y makamtan ang mga bagay na 'di nagawa o naabot. Sa anong dahilan ba ang aking pipiliin kapag ako'y isilang na mag-uli?

Siguro'y lahat ng dahilan ay pipiliin ko, eh kung sakali mang ako'y isilang na mag-uli ay kaya ko namang gawin lahat iyon. Tulad ng isang punong nabuwal ng bagyo na kahit humandusay sa lupa't maputol ang mga sanga basta may natitirang ugat sa lupa ay muling susupling at magbibigay ng panibagong pag-asa, mamumunga na siyang magpapaalala sa tamis ng bawat pagkakataong mabuhay.

Tunay nga na masarap namnamin ang mga bawat pagkakataon sa ating buhay, 'di ba? Kahit sa simpleng ideya na dumapo at naglaro sa aking isipan ay nangarap tayo at sumaya na rin kahit na papaano. Hindi ko man nasabi lahat pero sana'y may mga bagay tayong natutunan, totoong malalim at sanga-sanga ang kuwento ng bawat buhay ng tao, at sa bawat isa sa atin ay may umuusbong na kuwento na bumabahagi sa kamalayan ng bawat isa sa atin.

Erick Cortez

Disguise

How can we answer the riddle if we are clueless in this life? How can we face the world if our root was shallow? How can we overcome life without a rope? Can we ever beat ourselves? Can we?

In a one woody place, there was a young tree standing and wondering if he can survive the storm coming through, he cried as he knew that he cannot endure such a thing like storm, he knew that storm can break his branches, can scatter all his leaves and maybe put him laid on the ground. He cried for this trial is more than he could do, as his tears falling to the ground he notice the small ants, he watche as the ants carry there foods. They are helping each other, as they work with there colonies extending their mighty strength. Then he said to himself, 'I want to be an ant, I want to be as strong as they carry their future.'

One morning as he woke up, he notice the birds playing around and jumping over his branches as they sing, then the birds fly to hunt some of their foods. He smiled and said to himself, 'I want to be a bird flying to their very dreams that even the wind couldn't resist as they fly. They only dance with the wind of trials and pursuing as they reach their goals.' As he watched the birds flew, he noticed the dark clouds seems to carry a heavy rain that could destruct all things that living, then again he said to himself, 'I wish I am you, for I can carry such a heavy rain to water every forest and of every tree, to nourish all the dry lands and to ease thirst, but not to destruct the living.'

Then the wind started to get wild, it seems the storm has come, the rain is bursting that every little drops of rain seems to pierce you enough to make you cry, his leaves scatter and his branches break as he knew from the very start, he couldn't survive the storm. His trunk laid into the ground and he knew that later he will die. As the morning comes after the storm, he find himself laying on the ground, he cried and said to himself, 'I was one who doesn't believe in my own strength, that's why I can't dig deeper my roots under the ground. All I can do now is to wait until someone finds me, to cut my trunk and burn into the furnace or maybe cut in halves to be a timber.'

One morning as the tree laid to the ground, he noticed the tiny little green leaves on his trunks, again his tears falls to the ground, truly that God gives us hope to stand up again, to learn every lesson that he gave, to be contented, to call upon Him and to thank for every littlest thing that we have. Sooner I stand again and have fruits to share, and to scatter my seed to every people to know the lessons God teaches me....

Erick Cortez

Hid

Sometimes word cannot explain
Even gestures faked
Clean but rough,
Clear yet tricky.

Erick Cortez

Pierce

When silence start to burn
When all hatreds buried rises
You never know how to open your palm
You never know how to smile in tears

But when the sun comes awake
Then there the forgiveness comes
Then there the love whispers
Then there we learn the true essence of love...

Erick Cortez

Quench

How long that I hid
Little flame in my heart
Casting shadows taller than my soul
Sparks a nightmare, poison my spirit.

How long that I hold to the dark
That I couldn't even sing
What's the rhyme in my soul
Defeated, for I'm overwhelmed by my shadow.

All I can do now is reminisce
Escape from my chaos mind
Regret and remove this flame in my heart
That cast a shadow in my soul.

Erick Cortez

Squeeze

Brother, sleep with the sins
Sound of silence now it begins
Here where I stand many are buried
Blood were shed fought by hatred.

Blind your eyes if you want to see,
The holy light I lost in me
Break your legs and run away
For the sins I did I always pray.

Crawl beneath the edge of truth
Share some light to eat some fruit
Cry like rain to ease the pain
Learn from HIM the spirit gain.

Tremble if you want to feel
Repentance cast out fear
But if you stay in a fearless heart
Wait until you go to hearth.

Erick Cortez

When Darkness Fell

There's a face in a mirror and I thought that I knew him, but his face was masked with wrath that even him couldn't see his own identity. A phantom in disguise I could tell, only flame of fury lightened his mind and the loneliness keep his heart dim that only tears rule in his eyes. Every nick of time his fighting to stay asleep keeping him alive, keeping him walking at the sharp edge and waiting for someone that could tell him that there's a heaven, but heaven is just a word for him, for even he is not familiar with it. His rage against his foes burst, keeping him at the shade of vanity.

Then there was a little boy standing at the middle of the rain crying and feeling so helpless. But there was his mother looking at him, waiting of how her son endure the awful rain, endure every dare of trials. But then the child was completely overwhelmed by the rain, he doesn't survive and lost in the middle of nowhere and have a rendezvous with darkness. And now the child have a sting and a claws having a venom making his surround covered with fears and mourning, only dirge hear in every corner and a great destruction is waiting for every step of him. What a dreadful destiny is waiting for the child.

What can I do to make the child smile if he had a fang shed with the blood of innocence, how can I make him in temper if his eyes were flaming with revenge, how can I soften his heart if it is dig with hates, hates embedded with silence. This is a hidden face of the darkness, and every child that has a little wrath could be a victim, keep in mind that wickedness is always taking place. Another side of a truth in another side of the darkness, that no one can resist failure in every trial. Who's going to tell where it would happen to stop? Maybe? But it could..... When darkness fell.

Erick Cortez